*Silid-Aklatan pang Publiko ng San Francisco*

# Kodigo ng Kagandahang-asal ng Parokyano

Setyembre 2014

Binabati ng San Francisco Public Library ang lahat ng residente at bisita ng Lungsod at County ng San Francisco at panata nito ang libre at pantay-pantay na access sa impormasyon, kaalaman, sarilinang pag-aaral at ang mga sayang hatid ng pagbabasa para sa komunidad nating binubuo ng maraming uri ng tao.

Hangarin ng San Francisco Public Library ("Aklatan") na bigyan ang mga parokyano nito ng ligtas at kaaya-ayang karanasan sa aklatan sa loob ng kapaligirang nakahihimok sa pag-aaral, pagbabasa, pagdagdag-kaalaman at naaangkop na paggamit ng mga materyales at serbisyo. Batid ng Aklatan ang kakaibang posisyon at responsibilidad nito na magturo, magbigay-kaalaman, at bigyang-kalinawan ang komunidad sa pamamagitan ng pagbabahagi ng malawak na koleksiyon ng mga libreng babasahin na nagbibigay-kakayahan sa lahat na ganap na lumahok sa demokratiko nating lipunan bilang mga miyembro ng sambayanang madunong at edukado.

Bilang pinakamataas na priyoridad ang serbisyo sa publiko, itinatag ng San Francisco Public Library Commission ang mga patakaran at regulasyon na sumasaklaw sa paggamit ng aklatan, upang mapakinabangan ng lahat na tao ang mga benepisyo ng Aklatan. Ang mga indibidwal na bumibisita o ginagamit ang mga pasilidad o serbisyo ng Aklatan ("mga parokyano") ay dapat na sumunod sa mga sumusunod na Kodigo ng Kagandahang-asal ng Parokyano.

**UPANG MATIYAK ANG ACCESS SA MGA SERBISYO NG AKLATAN AT PARA SA KALIGTASAN NG LAHAT NG GUMAGAMIT, ANG MGA SUMUSUNOD NA GAWAIN AY IPINAGBABAWAL SA LOOB NG AKLATAN:**

## Level One[1]: Matitinding Paglabag

**Itatagal ng Pagkakasuspindi[2]**

| Ika-1 Paglabag: | Ika-2 Paglabag: | Ika-3 Paglabag: |
|---|---|---|
| 1 taon | 1 taon | 1 taon |

1. Pagkakasangkot sa mga pisikal na gulo kasama na ang mga pananakit at pakikipag-away.
   Cal. Penal Code ("CPC") ¨ 415; CPC ¨ 242; CPC ¨ 245.
2. Ang pagpapakita ng baril o iba pang nakamamatay na armas sa loob ng SFPL sa paraang malisyoso, galit, o nagbabanta. Ang mga hindi kabilang sa pagbabawal na ito ang mga Alagad ng Batas at mga indibidwal na lisensyadong magdala ng baril sang-ayon sa batas ng estado.
   CPC ¨ 417.
3. Ang paggawa ng mga seksuwal na pagmamalabis, kabilang na ang malaswang paghuhubad, seksuwal na pagdidikit at pakikipagtalik at/o pagpapamalas ng malaswa at malisyosong gawain.
   CPC ¨ 314; CPC ¨ 370.

1 Sinasaad ng San Francisco Charter seksiyon 4.102(1) na ang mga itinalagang lupon at komisyon ay may kapangyarihang: "bumuo, mag-aaral at mag-aapruba ng mga mithiin, layunin, plano at programa at magtakda ng mga patakaran na alinsunod sa mga pangkalahatang layunin ng Lungsod at County. . ."

2 Tinutukoy ng Kodigo ng Kagandahang-asal na ito ang mga haba ng pagkakasuspindi at iba pang parusang ipapataw ng Aklatan ngunit hindi pangingibabawan o pangungunahan ang iba pang parusa o multa na maaaring ipataw ng batas pederal, pang-estado o lokal.

SFPL 704t (9/2014)

**Pagpasok nang walang pahintulot:** Mga taong nakikialam sa mga empleyado ng Aklatan sa pagganap sa kanilang mga trabaho at/o nabigong sundin ang anumang makatuwirang tagubilin ng miyembro ng kawani na itama ang hindi naaangkop na pagkilos ay sasailalim sa pagkakasuspindi ng mga serbisyo ng aklatan at o pagkakatanggal mula sa ari-arian ng aklatan. Ang mga taong tumatangging umalis makaraang hilingin sa kanilang gawin ito ay sasailalim sa pagkaka-aresto dahil sa walang pahintulot na pagpasok at paglilitis sa bisa ng California Penal Code Section 602.1(b).

Ilegal na aktibidad, maging ang anumang kusa o paulit-ulit na paglabag sa Kodigo ng Kagandahang-asal ng Parokyano na ito o sa iba pang nakapaskil na regulasyon ng Aklatan (hal. mga tuntunin sa paggamit ng computer), ay maaaring mauwi sa pagkakatanggal mula sa pasilidad at/o pagkakasuspindi sa mga pribilehiyo sa Aklatan. Bilang karagdagan, kung saan pinahihintulutan ng Pederal, Pang-estado o lokal na batas, ang mga paglabag sa Kodigo ng Kagandahang-asal n gParokyano na ito ay maaaring magresulta ng pagkaka-aresto. Para sa mga inulit na paglabag, ang haba ng pagkakasuspindi sa serbisyo ng aklatan at/o pagkakatanggal mula sa ari-arian ng aklatan ay pagpapasyahan ng Administrasyon ng Aklatan. Pinanghahawakan ng Administrasyon ng Aklatan ang karapatan na baguhin ang haba ng pagkakasuspindi sa mga pribilehiyo sa aklatan batay sa pag-aaral ng andministrasyon at/o sa kalalabasan ng pormal na proseso ng pag-apela. Ang mga gumagamit ng aklatan na nais humiling ng makatuwirang pagbabago sa Kodigo ng Kagandahang-asal ng Parokyano na ito dahil sa kapansanan o problema sa kalusugan ay maaaring makipag-ugnayan sa kawani ng Aklatan o sa Access Services Manager ng Aklatan sa numerong 415-557-4557.

PINAHIHINTULOT NG BATAS NG ESTADO NA SIYASATIN NG MGA KAWANI NG AKLATAN ANG MGA PURSE, BAG, PARCEL, BRIEFCASE AT IBA PANG PACKAGE. UPANG MAIWASAN ANG PAGNANAKAW SA MGA LIBRO AT MATERYALES NG AKLATAN, PINAHIHINTULOT NG BATAS NG ESTADO ANG PAGPIIT NANG MAKATUWIRANG HABA NG PANAHON SA SINUMANG TAONG GUMAGAMIT SA MGA PASILIDAD NA ITO NA PINANGHIHINALAANG NAGSASAGAWA NG "PAGNANAKAW SA AKLATAN." (CALIFORNIA PENAL CODE SECTION 490.5)

Patakaran sa Kagandahang-asal ng Parokyano: Patakaran sa Kagandahang-asal ng Parokyano – Polisa #201 Aprubado ng Aklatan Pagpapatupad noong Agosto 7, 2001. Inamendahan ng Library Commission noong Agosto 16, 2007.

Inamendahan ng Library Commission noong Setyembre 18, 2014

## Level Two: Mga Katamtamang Paglabag

**Haba ng Pagkakasuspindi**

| Ika-1 Paglabag: | Ika-2 Paglabag: | Ika-3 Paglabag: |
|---|---|---|
| 3 buwan | 6 buwan | 1 taon |

4. Pag-iingat at/o paggamit ng mga ipinagabbawal na droga.
   Cal. Health & Safety Code (“CHSC”) ¨ 11350; CHSC ¨ 11357; CHSC ¨ 11375; CHSC ¨ 11377.
5. Pagnanakaw o bandalismo sa pag-aari ng SFPL, o personal na ari-arian ng mga parokyano ng aklatan o kawani.
   CPC ¨ 484; CPC ¨ 490.5; CPC ¨ 594; S.F. Police Code (“SFPC”) ¨ 130.
6. Paggamit ng malaswa o mapagbantang pananalita o mga salita na nakahihimok ng agaran at marahas na reaksiyon.
   CPC ¨ 415; CPC ¨ 422.
7. Di-makatuwirang paggamit ng palikuran, kabilang na ang paninigarilyo, panghihingi, pagbabara sa mga tubo o paninilip sa mga lugar na dapat ay pribado para sa gumagamit ng lugar na iyon.
   S.F. Health Code (“SFHC”) ¨ 1008.2; CPC ¨ 647(a)-(b); CPC ¨ 594; CPC ¨ 647(j)(1); CPC ¨ 370.
8. Pagdeposito ng mga likido ng katawan sa ari-arian ng SFPL, kasama na ang mga koleksiyon ng aklatan, kagamitan, at mga muwebles.
   SFPC ¨ 153; CPC ¨ 370.
9. Hindi awtorisadong pagpunta sa mga lugar na para lang sa mga kawani at/o pagpasok o pananatili sa loob ng mg pasilidad ng aklatan bago o pagkatapos ng mga oras na bukas ito.
   CPC ¨ 602(q); CPC ¨ 602.1(b).

## Level Three: Maliliit na Paglabag

**Mga Parusa**

| Ika-1 Paglabag: | Ika-2 Paglabag: | Ika-3 Paglabag: |
|---|---|---|
| 1 araw | 1 araw | 7 araw |

10. Pagpapakita ng mga palatandaan ng pagkalulong sa alak o ipinagbabawal na droga.
    CPC ¨ 647(f).

### Abisuhan ang Security; sundin ang mga pamamaraan sa pakikipag-ugnayan sa SFPD

11. Pag-iwan sa bata na wala pang 8 taon gulang na hindi inaasikaso ng napapagkatiwalaang tao. Ang mga menor-de-edad na bumibista sa San Francisco Public Library ay responsibilidad ng kanilang mga magulang o tagapangalaga. Hindi magsisilbi ang Aklatan nang loco parentis. Hindi maaaring tumanggap ng responsibilidad sa kaligtasan at pagbabantay ng mga menor-de-edad ang aklatan.
    Basahin ang CPC ¨ 273a.Ñ

3 Ang “Basahin” ay ginagamit kapag ang pagpapatupad sa patakaran ay nakabatay sa mga partikular na katotohanan at mga detalye ng sitwasyon.

| Ika-1 Paglabag: | Ika-2 Paglabag: | Ika-3 Paglabag: |
|---|---|---|
| Babala<br>Maaaring mag-tama o umalis ang parokyano | 1 araw | 7 araw |

12. Nagsasalitang komunikasyon o di-nagsasalitang atensyon na kusang-loob, malisyoso, o inuulit na pangliligalig.
    SFPC ¨ 122; basahin ang CPC ¨ 415(2).
13. Paninigarilyo o paggamit ng mga e-cigarette sa loob ng mga pasilidad ng aklatan o sa loob ng 20’ ng anumang entrada.
    SFHC ¨ 1008.2; Cal. Gov’t Code ¨ 7597.
14. Mapanlinlang na paggamit sa library card at/o account number ng ibang parokyano para sa anumang layunin, kabilang na ang pag-reserve ng mga computer.
    Basahin ang CPC ¨ 529.
15. Pag-iingay o anumang di-makatuwirang ingay o panggugulo, kabilang na ang nakaka-abalang paggamit sa mga personal na aparatong pang-komunikasyon o panglibangan.
    CPC ¨ 415(2)
16. Hindi maaaring humarang ang mga tao, hayop o ari-arian sa mga bulwagan, pintuan, hagdanan, elevator o mga rampa. Ang malalaking bagay gaya ng mga kariton, bisikleta at bagahe ay hindi maaaring ipasok sa mga pasilidad ng aklatan. Dapat panatalihin ng mga parokyano na kasama nila ang mga mahahalagang bagay na pag-aari nila.
    CPC ¨ 370; CPC ¨ 602.1(b); CPC ¨ 647c.
17. Hindi maaaring gamitin ang mga roller skate, scooter, skateboard, bisikleta, o iba pang halintulad na aparato sa loob at paligid ng Aklatan.
    CPC ¨ 602.1(b); see SFPC ¨ 130.
18. Ang entrada ng aklatan ay gagamitin lamang para sa pagpasok at paglabas ng aklatan at bilang mga panandaliang hintayan ng mga parokyano ng aklatan.
    CPC ¨ 647c; SFPC ¨ 22.
19. Pagharang sa entrada ng aklatan o pag-antala sa malayang pagdaloy ng mga naglalakad sa mga naturang lugar.
    CPC ¨ 370; CPC ¨ 647c; SFPC ¨ 22.
20. Pagkain at pag-inom mula sa mga bukas na lalagyan ay ipinagbabawal, maliban sa mga itinalagang lugar. Ipinagbabawal ang mga inuming nakalalasing.
    Cal. Bus. & Prof. Code ¨ 25620(a); SFPC ¨ 21.
21. Paghingi ng pera, donasyon o mga lagda.
    S.F. Admin. Code ¨¨ 57.5-57.6.
22. Media o komersiyal na pagkuha ng larawan o video nang walang pahintulot mula sa Administrasyon ng Aklatan.
    S.F. Admin. Code ¨¨ 57.5-57.6.
23. Pagpapakawala ng matapang, at hindi kanais-nais na amoy, kasama na ang mga amoy na mula sa pabango o cologne na di-makatuwirang nakakaabala sa ginhawa ng mga gumagamit ng aklatan o sa kawani, sa kaligtasan, paggamit, o sa tahimik na kasiyahan sa aklatan.
    CPC ¨ 370.
24. Kailangan ang damit na pang-itaas at pambaba ng katawan dagdag pa sa mga sapatos o kasuotan sa paa.
    Basahin ang CPC ¨ 370.
25. Ang pagtangging lumabas ng gusali at/o computer ng aklatan habang may emergency evacuation.
    CPC ¨ 602.1(b).
26. Paggamit sa mga pasilidad ng SFPL para sa ibang bagay na naiiba sa inilaang layunin, kabilang na ang: pagpapalaboy, pagtulog, pagligo (maliban sa paghugas ng mga kamay), pag-shampoo, pag-aahit, paglilinis sa sarili, pagpapalit ng damit, paghugas ng damit o kinainan.
    Basahin ang CPC ¨ 370.
27. Pagbago sa/pag-antala sa mga computer ng SFPL, pag-reserve sa Internet at/o mga print management system.
    CPC ¨ 594; see CPC ¨ 602.1(b).
28. Mga nasa gulang na gumagamit ng lugar na para sa mga bata nang walang kasamang bata o pangangailangan sa mga koleksiyong pambata.
29. Pagbenta ng paninda nang walang naunang pahintulot mula sa aklatan.

### Babala: Maaaring mag-tama o umalis ang parokyano.

30. Pagtulog o paghiga sa sahig o muwebles.
    Basahin ang CPC ¨ 647(e).
31. Nabigong mag-check out ng mga materyales ng aklatan bago lumabas ng aklatan.
    Basahin ang CPC ¨ 484.

### Umalis ng gusali; maaaring bumalik na hindi kasama ang alaga.

32. Hindi pinahihintulutan ang mga hayop, bukod sa mga hayop na nagsisilbi sa may-kapansanan, sa mga pasilidad ng aklatan.
    Basahin ang, hal., Cal. Civ. Code ¨¨ 54.1-54.2; CPC ¨ 365.5(b).